# *Pagninilay sa Aklat ng Ruth Yugto 11*

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito na ating nasimulan sa pagninilay mula sa aklat ng Ruth.

***"12 At tunay nga na ako'y kamaganak na malapit; gayon man ay may kamaganak na lalong malapit kay sa akin.13 Maghintay ka ngayong gabi, at mangyayari sa kinaumagahan, na kung kaniyang tutuparin sa iyo ang bahagi ng pagkakamaganak, ay mabuti; gawin niya ang bahagi ng pagkakamaganak: nguni't kundi niya gagawin ang bahagi ng pagkakamaganak sa iyo, ay gagawin ko nga ang bahagi ng pagkakamaganak sa iyo, kung paano ang Panginoon ay nabubuhay: mahiga ka nga hanggang kinaumagahan.14 At siya'y nahiga sa kaniyang paanan hanggang kinaumagahan: at siya'y bumangong maaga bago magkakilala ang isa't isa. Sapagka't kaniyang sinabi, Huwag maalaman na ang babae ay naparoon sa giikan.15 At kaniyang sinabi, Dalhin mo rito ang balabal na nasa ibabaw mo at hawakan; at hinawakan niya; at siya'y tumakal ng anim na takal na sebada, at isinunong sa kaniya; at siya'y pumasok sa bayan.16 At nang siya'y pumaroon sa kaniyang biyanan, ay sinabi niya, Ano nga, anak ko? At isinaysay niya sa kaniya ang lahat na ginawa sa kaniya ng lalake.17 At sinabi niya, Ang anim na takal na sebadang ito ay ibinigay niya sa akin; sapagka't kaniyang sinabi, Huwag kang pumaroong walang dala sa iyong biyanan.18 Nang magkagayo'y sinabi niya, Maupo kang tahimik, anak ko, hanggang sa iyong maalaman kung paanong kararatnan ng bagay: sapagka't ang lalaking yaon ay hindi magpapahinga, hanggang sa kaniyang matapos ang bagay sa araw na ito." (Ruth 3:12-18)***

***"12 At tunay nga na ako'y kamaganak na malapit; gayon man ay may kamaganak na lalong malapit kay sa akin." (Ruth 3:12)*** Dagdag na ipinaliwanag dito ni Booz kay Ruth ang katotohanan pgkatapos siyang tanungin na pakasalan siya. Ipinaliwanag niya sa kanya may iba pang kamag-anak na mas malapit sa kanya maliban sa kanya. Alam ni Booz ang Salita ng Diyos at Siya ay masunurin sa kautusan ng Diyos. *Ang matutunan natin dito ay huwag tayong sumabay sa ating damdamin at sa mga pangyayari habang ang Salita ng Diyos ay hindi pa natutupad.* Kahit ang kanyang biyenang babae ay sinabi sa kanya na pumunta kay Booz, at kahit si Ruth ay pumunta sa kanya sa kanyang sarili at hiniling sa kanya na pakasalan siya, may mga bagay pa rin na kinakailangan patunayan bago ang kaloobang ito ay mangyari. *Maraming beses sumasabay ka sa iyong damdamin habang ang Salita ng Diyos ay hindi pa natutupad, at kaya nauuna ka sa iyong inaasahan sa Diyos, ang bagay na hindi dapat mangyari.* Si Booz ay naging maingat tungkol sa gayon; kaya naman sinabi pa niya sa kanya kung ano ang kailangan niyang gawin bago matupad ang kanyang kahilingin, at gaya ng mga sumusunod:

***"13 Maghintay ka ngayong gabi, at mangyayari sa kinaumagahan, na kung kaniyang tutuparin sa iyo ang bahagi ng pagkakamaganak, ay mabuti; gawin niya ang bahagi ng pagkakamaganak: nguni't kundi niya gagawin ang bahagi ng pagkakamaganak sa iyo, ay gagawin ko nga ang bahagi ng pagkakamaganak sa iyo, kung paano ang Panginoon ay nabubuhay: mahiga ka nga hanggang kinaumagahan." (Ruth 3:13)*** Hiniling niya sa kanya na manatili at maghintay sa lapag hanggang sa kinaumagahan, sapagkat iyon ay hatinggabi at may oras para matapos ang gabi. Pagkatapos ng hatinggabi hindi ito mabuting oras para kumilos palabas ng higaan at umuwi. Kaya hiniling niya sa kanya na manatili hanggang umaga, gaya ng hiniling niya sa kanya na humiga at matulog hanggang kinaumagahan. At sinabi niya rin sa kanya kung ang ibang kamag-anak ay magsagawa ng kanyang bahagi sa pagkamag-anak, sa gayon iyon ay tama, ngunit kung hindi niya gagawin sa gayon gagawin niya ang kanyang bahagi upang bahagi ng pagkamag-anak. Kaya dito ay ipinaliwanag ni Booz sa kanya kung paano kinakailangan niyang na maganap nang malinaw batay sa Kasulatan at batay sa Karapatan ng bawat isang indibidwal. Sinabi niya sa kanya na may naunang tao sa kanya at at siya ang magpapasya sa kanyang sarili kung kailangan niyang gawin iyon, at ipinaliwanag niya sa kanya na hindi niya maaring lampasan siya at ito ang katotohanan, kung hindi siya ang masisisi. Kaya kailangan natin na malaman kung paano isagawa ang ating mga usapin. Gayundin makikita natin ng malinaw ang ganoong uri ng pag-aasawa batay sa nag-iisang Kasulatan ito ay walang kaugnayan sa kanilang damdamin, plano ng tao, ang kanilang pagnanais o sa kung anong gusto nila, kundi gawin ang kalooban ng Diyos at tuparin ang Kasulatan. Kahit na gusto nating gawin ang kalooban ng Diyos, may ilang Kasulatan na kailangang tuparin bago maganap ito, at kailangan nating maghintay para sa ilang mga pangyayari upang maganap para sa Kasulatang ito ay matupad.

"***14 At siya'y nahiga sa kaniyang paanan hanggang kinaumagahan: at siya'y bumangong maaga bago magkakilala ang isa't isa. Sapagka't kaniyang sinabi, Huwag maalaman na ang babae ay naparoon sa giikan." (Ruth 3:14)*** Possibleng ang dako na kanyang hinihigaan ng kanyang paa ay ang kanyang kama at natulog siya doon upang hindi niya maramdaman ang lamig. Pinili niya ang paa bilang tanda ng kababaang-loob, parang sinasabi sa kanya, kunin mo ako bilang asawa at ako'y susunod sa iyo mga utos gaya ng dati habang ako'y gumagawa sa iyong bukirin.

"***at siya'y bumangong maaga bago magkakilala ang isa't isa. Sapagka't kaniyang sinabi, Huwag maalaman na ang babae ay naparoon sa giikan."*** Si Ruth ay bumangong maaga at madilim pa kaya nakaalis siya sa higaan ng walang ibang nakakapansin na ang babae ay naroon, kaya walang mag-iisip na may ginawa silang

masama. *Ngayon dito kailangan nating maunawaan, ito ay ating pananagutan na huwag hayaan magisip ang mga tao tungkol sa atin at magduda tungkol sa ating pag-uugali. Hindi sapat na wala tayong ginagawang masama, ngunit kinakailangan din mula sa atin na huwag hayaan ang sinoman na magduda upang ang ministerio ay hindi masisi*. Pati na rin kapag tayo ay maluwag sa ganoon ay nagbibigay tayo ng pagkakataon at nagtuturo sa iba na sumuway at gumawa ng mali. Inaakala na ang pangyayaring iyon ang una at huli sa pagitan nila; na hindi sila magkikita kung hindi sila kasal sa harap ng Diyos at sa harap ng mga tao. *Ito ang pamantayan ng pag-aasawa batay sa Kasulatan; na ang lalaki at babae ay hindi magkikita hanggang sa araw ng kasal; kilala nila kung kanino sila ikakasal, ngunit hindi sila magkikita at walang ugnayan sa pagitan ng isa't isa bago ang araw ng kasal.*

***"15 At kaniyang sinabi, Dalhin mo rito ang balabal na nasa ibabaw mo at hawakan; at hinawakan niya; at siya'y tumakal ng anim na takal na sebada, at isinunong sa kaniya; at siya'y pumasok sa bayan." (Ruth 3:15)*** Si Ruth ay lubos nakabalot sa paggamit ng balabal na bumalot sa kanya mula sa ulo hanggang sa paa. Ang balabal na iyon ay napakaluwang, na kaya niya pang isuong ang anim na takal na sebada, na nagawang suongin ni Ruth nang maayos papasok ng bayan. *Kapag may takot tayo sa Diyos at sinunod ang kanyang utos idadagdag ng Diyos ang Kanyang pagpapala sa atin.* Ang balabal na ginamit upang takpan ang katawan ng babae. Kaya ang mga bahagi ng kanyang katawan ay hindi nakita, at hindi nakita ang hubog ng kanyang mga bahagi. Ang babae kapag sila'y lumakad nang may balabal walang bahagi ng kanyang katawan ang makikita. Ang balabal ay maluwang upang ang mga bahagi ng katawan ay hindi makikita sa pamamagitan nito. Sa karagdagan kapag inilagay nila ang talukbong upang takpan ang mukha, ang mata lamang ang makikita upang walang sinuman ang makakakita sa mga detalye ng mukha. Sa gayong kaugalian at pananamit walang daan para sa babae sa kanyang katawa upang makaakit ng mga lalaki. Ngayon tanungin nating ang ating sarili sa tanong na ito. Sa pagtanggal natin mula sa ganoong uri ng pananamit at palitan ito ng ibang uso at nang walang balabal, sinusunod ba natin ang Diyos o tayo ay masuwayin sa Kanya? Tayo ay masuwayin at kaya naman ang mga pagpapala ng Diyos at inalis mula sa atin at tayo naghihikapos. *Hindi binago ng Diyos ang Kanyang Salita at Siya ay naghihintay sa atin na ganap na bumalik sa Kanya at isagawa ng Kanyang Kasulatan sa ating buhay.*

Tungkol sa **"*anim na takal ng sebada*"** walang eksaktong halaga kung magkano ang isang takal. Malamang ang sukat ay isang tabo ng isang tiyak na halaga ng sebada sa pamamagitan ng isang kamay, o maaring nag-iiba mula sa 1 hanggang 2 kilo hanggang kayang dalhin ng kamay. Kaya ang nakayang kunin ay humigit kumulang na 6-12 kilo.

Ang balabal na isinuot ni Ruth ay nakatulong sa kanyan upang dalhin ang mga pagpapala ng Diyos sa kanya at sa kanyang pamilya. Si Booz ay mapagbigay at ibinigay niya kay Ruth ang dapat na pinagtatrabahuhan at kinita para sa isang araw at ipadala sa bahay ng kanyang biyenang babae, at ipinangako na gagawin ang kanyang kahilingan. *Kailangan nating ibigay sa lahat ang kung anong nararapat para sa kanya mula sa sahod.*

**"*16 At nang siya'y pumaroon sa kaniyang biyanan, ay sinabi niya, Ano nga, anak ko? At isinaysay niya sa kaniya ang lahat na ginawa sa kaniya ng lalake." (Ruth 3:16)*** Muli dito natagpuan natin na si Noemi ay naghihintay sa kanyang manugang. Alinman na hindi siya natulog, o malamang naidlip nang kaunti o nagising nang maaga at naghihintay sa kanya. Tinanong siya ni Noemi, ***"Ano nga, anak ko?"*** Si Noemi ay nagsalita dahil sa kanyang pananagutan patungo sa kanyang manugang, naghihintay sa bunga ng kanyang pakikipagkita kay Booz. Gayundin mapapagmasdan natin ang malaking paggalang na mayroon si Ruth sa kanyang biyenan, sapagkat isinaysay niya sa kanya ang lahat ng kung anong ginawa ng lalaki sa kanya, ** Muli bilang mga magulang at lolo at lola kailangan nilang may pakikipagkasundo sa kanilang mga anak at mga apo tungkol sa anumang sensitibong bagay gaya ng ganito at kailangan nilang gawin kung ano ang itinalagang gawin ng Salita ng Diyos sa kanila. * Ang mga anak, apo o kabataan ay dapat mag-ulat ng mga sensitibong bagay sa kanilang mga magulang, lolo at lola at sa nakatatanda sa kanila. * Walang sinabi sa Bibliya na kung iyong anak na lalaki at babae ay tumuntong na sa gulang na 18 sa gayon siya ay ganap at kaya na niyang iligtas ang kanyang sarili. Ang mga anak ay nasa ilalim pa rin ng mga magulang at mga lolo at lola.*

***"17 At sinabi niya, Ang anim na takal na sebadang ito ay ibinigay niya sa akin; sapagka't kaniyang sinabi, Huwag kang pumaroong walang dala sa iyong biyanan." (Ruth 3:17)*** isinaysay ni Ruth sa kanyang biyenan kung ano ang ibinigay ni Booz sa kanya. Ipinadala ni Booz ang dami ng sebada dahil sa pagpaparangal sa matandang balo na may takot as Diyos sa pag-uutos as kanya na gawin ang Kanyang kalooban. Isinaysay ni Ruth ang mga detalye sa lahat ng kanyang pakikipag-usap kay Booz nang sinabi niya kay Noemi, ***"sapagka't kaniyang sinabi, Huwag kang pumaroong walang dala sa iyong biyanan."*** Isa sa napakahalagang katotohanan ng tagumpay bilang makikita natin dito sa buhay ng pamilyang ito ay ang sumusunod:

- Si Ruth ay masunurin upang tuparin ang lahat ng mga iniutos sa kanya sa lahat ng mga detalye.
- Si Ruth ay tapat na isinaysay ang lahat ng bagay sa kanyang guro at tagapagturo.
- Si Noemi ay masigaisg, mahinahon at may pagibig sa pag-uutos, pagtuturo at pagsubaybay sa kanyang manugang.

***"18 Nang magkagayo'y sinabi niya, Maupo kang tahimik, anak ko, hanggang sa iyong maalaman kung paanong kararatnan ng bagay: sapagka't ang lalaking yaon ay hindi magpapahinga, hanggang sa kaniyang matapos ang bagay sa araw na ito." (Ruth 3:12-18)*** Sinabi ni Noemi kay Ruth, ***"Maupo kang tahimik, anak ko, hanggang sa iyong maalaman kung paanong kararatnan ng bagay:"*** Maayos na ginanap ni Ruth ang kanyang bahagi at ngayon wala sa kanyang kamay na gawin kundi maghintay at tingnan kung ano ang gagawin ng Diyos sa kanya. Tiniyak din ni Noemi kay Ruth, na si Booz ay hindi hahayaan hangga't hindi niya natatapos ang bagay, ***"sapagka't ang lalaking yaon ay hindi magpapahinga, hanggang sa kaniyang matapos ang bagay sa araw na ito."*** *Ang mga taong masunurin at natatakot sa Diyos ay hindi ipapagpaliban ang gawain ng Diyos para bukas kundi tatapusin nila ito sa araw na iyon na kinakailangang tapusin. Ang masuwaying mga tao ay hindi gagawin ang itinalaga ng Diyos sa kanila malibang pilitin sila na gawin kapag sila'y nalagay na sa sulok.*

*Ang tagumpay at pagsulong ay kasabay ng mabubuting katangian.* Ang kababaang loob at masunuring katangian ni Ruth at mapagmahal, may pananagutan at may kahinahunang pag-uugali ni Noemi ay bagay na mahalaga ng tagumpay na ang pamilya ito ni Noemi at Ruth ay nagawang nakamit.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ngayon tingnan ang iyong sarili.

- Sumasabay ka ba sa iyong damdamin at sa mga pangyayari, at ginagawa ng iyong sariling kalooban habang ang Salita ng Diyos ay hindi pa natutupad?
- Ikaw ba ay may ganoong pag-uugali ng tagumpay, kababaang-loob, masunurin, mapagmahal, responsable at may kahinahunang pag-uugali?
- Ikaw ba ang taong kumikilos sa pamamagitan ng Banal na Espíritu upang tuparin ang Kasulatan?
- Ikaw ba ay naghihintay para sa tamang pangyayari para ang Salita ng Diyos ay maganap?
- Ikaw ba ay nabubuhay sa pagsunod at sa paraan na hindi mapahiya ang ministerio o ang Simbahan ng Diyos?
- Ikaw ba ay namumuhay sa kabanalan at pinagmamasdan ang iyong buhay malapit sa pagsunod sa Salita ng Diyos at tinitingnan ang bawat kautusan sa araw-araw na buhay?
- Ikaw ba ang tao na may takot sa Diyos at hindi ipinagpapaliban ang gawain ng Diyos para bukas kundi gagawin mo ang pinakamahusay upang tapusin ito?
- Ikaw ba ang tao na batid ang kanyang karapatan at ang karapatan ng iba.

Tayo ngayon ay lumapit sa Diyos sa pagsisisi at handang magbago at sumunod sa mga utos na ating tinanggap mula sa Salita ng Diyos.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyong mensahe na nagturo sa akin na isuko ang aking buhay at aking kalooban sa iyo.*

*Hinggin ang kapatawaran sa lahat ng iyong mga kasalanan; talikdan ang pagmamataas, paggawa ng iyong sariling kalooban, pagsira sa Kasulatan at hindi pagtupad sa mga ito, sa pagiging marahas at pagsunod sa iyong laman at makamundong pagnanasa at pagtanggi na tapusin ang gawain na hiniling sa iyo ng Diyos, atbp. Panginoon patawarin ako at ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan*________________________________________________.

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili sa katuruan na aking tinanggap mula sa iyong Salita sa mensaheng ito na gawin at isagawa ito sa aking buahay. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na magpakumbaba, makinig, at gawin ang mga tagubulin na ibinigay sa akin mula sa matatanda at sa mga namumuno ng simbahan, at isaysay sa kanila kung paano ko natupad ang hiniling nila sa akin na gawin. Panginoon isinusuko ko ang aking buhay at aking kalooban sa iyong kamay. Panginoon gabayan mo ako. Handa kong gawin ang iyong kalooban nang ganap at pagdaanan ang plano na itinalaga mo para sa akin na pagdaanan. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na ipakita ang bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kapayapaan, kagalakan, kahinahunan, pagpipigil sa sarili, pagtitiyaga, kaamuhan, kabutihan, mahabang pagtitiis, at ang lahat ng bunga upang makita ng iba si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon dalangin ko para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na ipinangako ang kanilang sarili sa mga simulain ng mensahe. Panginoon gabayan sila at pangunahan sila unti-unti na gawin ang mabuting plano na mayroon ka sa kanila. Panginoon protektahan sila, alalayan sila at ibigay ang para sa kanila. Panginoon gantimpalaan sila sa bawat gawa ng pagsunod at sa pagpapasakop sa iyong plano at kalooban.*

*Panginoon dalangin ko na tutulungan mo kami bilang isang simbahan upang ipatupad ang iyong salita at ang aral na tinanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon habang ipinakumbaba namin ang aming sarili sa iyong kamay itataas mo kami sa tamang panahon. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu na sumulong upang mag-ebanghelyo at gumawa ng bagong mga alagad at tapusin ang gawain na itinalaga mo para sa amin na gawin. Panginoon tuparin ang iyong pananaw sa simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos'. Panginoon tulungan kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain. Sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Pagninilay mula sa aklat ng Ruth Yugto 11. Ruth 3:12-18.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.